Ang pagpigil sa pagkalat ng impeksiyon sa mga binahang bahay.

Sa mga sulok ng binahang bahay, mayroong posibilidad na ito ay bahayan ng maraming bacteria (saikin) o molds (kabi) na siyang magdudulot ng sakit o impeksiyon, kung kaya mahalagang malinisan ang mga bahaging ito.

○ Mga dapat pag—ingatan sa paglilinis

・Tiyakin na bukas ang mga pinto at bintana para sa malayang pagdaloy ng hangin!

Mayroong posibilidad na nagsisimula nang magkaroon ng molds ang mga sulok ng bahay sa inyong pagbalik pagkaraan ng ilang araw mula sa paglikas.

・Linising mabuti ang dumi at putik, patuyuing mabuti!

Gumamit lamang ng disinfectant pagkatapos makapaglinis na mabuti.

・Upang makaiwas sa pagkasugat, gumamit ng guwantes sa paglilinis!

・Gumamit ng mask upang hindi makasinghot ng alikabok.

・Tiyakin na makakapaghugas mabuti ng kamay pagkatapos maglinis.

○ Ang pangunahing paraan ng disinfecting

Mayroong mga disinfectant na kailangan haluan ng tubig depende sa tapang at paraan ng paggamit nito. Tiyakin ang pag-iingat na kailangang gawin sa paggamit nito.

Kung malala ang naging dumi at matagal na nalubog sa tubig-baha, hangga`t maaari ay gumamit ng Jiaensosan natorium (hypochlorous acid) sa paglilinis nito.

Hindi lahat ay maaaring gamitan ng jiaensosan natorium dahil sa posibilidad na matanggal ang kulay o maging dahilan ng corrosion, gumamit ng alcohol o enkabenzalkonium (chloride benzalkonium).

Disinfectant	Mga maaaring pagamitan nito at paraan ng paggamit	
	Mga lalagyan/ lababo/bath tub	Mga appliances/ sahig
Jiaensosan natorium (hypochlorous acid) * maaari ring gumamit ng domestic chlorine bleach. 	Haluan ng tubig hanggang maging 0.02% lamang ang tapang ng solusyon. ①Gamitan ng dishwashing liquid detergent at tubig sa paghuhugas. ① Ibabad sa disinfectant na hinaluan ng tubig ng 5 minuto. O punasan ng basahang ibinabad sa tinimplang solusyon, pagkatapos ay hugasan ng tubig o patuyuin gamit ang malinis na pamunas.. ② Patuyuing mabuti.	Haluan ng tubig hanggang maging 0.1% lamang ang tapang ng solusyon. ①Ang putik ay maaaring hugasan ng tubig, punasan at patuyuin mabuti. ② Punasan ng basahang ibinabad sa tinimplang solusyon.. ③ Para sa mga may piyesang metal o kahoy, punasan ito ng 2 beses ng tubig upang hindi maapektuhan ang kulay nito.
Disinfectant alcohol 	Gamitin ito nang hindi hinahaluan ng tubig. ① Gumamit ng sabon at tubig sa paghuhugas. ② Punasan ng basahang ibinabad sa alcohol. ※ Gumamit ng alcohol na may tapang na 70%. ※ Huwag gumamit nito sa lugar na may apoy.	Gamitin ito nang hindi hinahaluan ng tubig. ① Ang putik ay maaaring hugasan ng tubig, punasan ng malinis na basahan at patuyuing mabuti. ② Punasan ng basahang ibinabad sa solusyon. ※ Gumamit ng alcohol na may tapang na 70%. ※ Huwag gumamit nito sa lugar na may apoy.

10% chloride benzalkonium (antiseptic soap)	Haluan ng tubig hanggang maging 0.1% lamang ang tapang ng solusyon. ① Ang putik ay maaaring hugasan ng tubig, punasan ng malinis na basahan at patuyuing mabuti. ② Punasan ng basahang ibinabad sa tinimplang solusyon.	Haluan ng tubig hanggang maging 0.1% lamang ang tapang ng solusyon. ①Ang putik ay maaaring hugasan ng tubig, punasan ng malinis na basahan at patuyuing mabuti. ③ Punasan ng basahang ibinabad sa tinimplang solusyon.